COUNTY OF SAN DIEGO
EQUITY & RACIAL JUSTICE

University of San Diego
SCHOOL OF LEADERSHIP AND EDUCATION SCIENCES
The Nonprofit Institute

# Grant para sa Epekto sa Pagkakapantay-pantay
# Mga Alituntunin at Aplikasyon

## I. Background

Nakatuon ang County ng San Diego sa kapakanan ng lahat ng taga-San Diego. Itinatag ang Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay at Hustisyang Panlahi (Office of Equity and Racial Justice, OERJ) noong 2020 upang palakasin ang paninindigan ng County ng San Diego sa pagkakapantay-pantay ng lahi, na nilalayong hindi na maging pantukoy na salik ang lahi sa mga kahihinatnan ng buhay ng isang tao. Sinusuportahan ng pamamaraang ito ang mga grupo sa lahat ng etnisidad, kasarian, edad, kakayahan, at iba pang pagkakakilanlan upang mabuhay at makilahok sa ating lipunan sa kanilang buong potensyal.

Nagsagawa ang OERJ ng isang nagpapatuloy na serye ng mga sesyon ng pakikinig sa komunidad upang mangalap ng opinyon mula sa mga residente kung paano makakatulong ang county upang maalis ang structural racism at ang mga epekto nito sa Black, Indigenous, and People of Color (BIPOC) ng rehiyon at iba pang komunidad na may kasaysayan ng pagiging marginalized at kasalukuyang dehado at nawalan ng karapatan. Ang karaniwang punto ng feedback ay ang hirap sa pagkamit ng mga kontrata ng gobyerno at pilantropikong pagpopondo para sa mga organisasyong limitado ang kapasidad sa pangangalap ng pondo, lalo na para sa mga grassroot at maliit na organisasyon na pinamumunuan ng mga indibidwal mula sa mga komunidad ng BIPOC. Upang simulan ang pagtugon sa hamon na ito, may sinusubukang bagong programa ang County sa loob ng dalawang siklo upang suportahan ang mga organisasyong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga grant para sa pagpapatakbo, at pagsasanay, pagtuturo, at iba pang iniangkop na suporta.

Ang bawat siklo ng programang Grant para sa Epekto sa Pagkakapantay-pantay (Equity Impact Grant, EIG) ay susuporta sa 10 kwalipikadong organisasyon/inisyatiba sa epekto sa lipunan na nasa San Diego sa pamamagitan ng pagbibigay sa bawat isa ng $100,000 na grant para sa pangkalahatang suporta

sa pagpapatakbo. Maaaring gamitin ang mga pondo upang suportahan ang mga tauhan at iba pang gastos sa pagpapatakbo. Bukod pa sa mga grant para sa pangkalahatang suporta sa pagpapatakbo, nakipagkontrata ang County sa The Nonprofit Institute sa University of San Diego upang magbigay ng mga resource ng suporta, kabilang ang pagtuturo at mga workshop sa pamumuno, pamamahala ng nonprofit, pagbabago at inobasyon sa lipunan, pangangalap ng pondo, pagbuo ng kakayahan, kolektibong epekto, at katatagan ng organisasyon. Bukod dito, mag-iiskedyul ang mga kawani ng OERJ ng County ng mga pana-panahong pagkumusta sa mga grantee upang maglinang ng isang relasyon ng nakabahaging pag-aaral at pagsubaybay sa epekto ng grant.

Tutuon ang programang Grant para sa Epekto sa Pagkakapantay-pantay sa pagsuporta sa mga pagsisikap na pinapausad ng komunidad at mga organisasyong nakabase sa komunidad na nagtatrabaho sa mga larangan ng hustisyang panlipunan sa mga sumusunod na larangan:

- edukasyon (maagang pagkabata hanggang sa mas mataas/patuloy na edukasyon)
- Pakikipag-ugnayan ng publiko at pagbuo ng kilusan
- sining, media, at kultura
- pabahay at pagpapaunlad ng komunidad
- kaligtasan ng publiko at nakapagpapanumbalik na hustisya
- kalusugan at pagpapagaling
- literacy sa pananalapi at pagpapaunlad ng ekonomiya
- mga sistema ng pagkain at hustisyang pangkapaligiran

Inaasahan na magkakaroon ng positibong epekto ang programang EIG sa mga pagsisikap na nakabase sa komunidad na maitaguyod ang pagkakapantay-pantay ng pagkakataon, mapatibay ang mga proyektong pinangungunahan ng mga

residente na nakasentro sa mga tinig ng mga may naipamuhay na karanasan[1] sa ilalim ng structural racism, at mapabuti ang mga pangmatagalang kahihinatnan ng mga komunidad ng BIPOC at LGBTQIA+, mga imigrante, mga taong may kapansanan, kababaihan, at kabataan. Gayundin, umaasa ang Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay at Hustisyang Panlahi na gamitin ang programang EIG upang bumuo ng mga relasyon sa isang lumalagong komunidad ng mga grantee batay sa tiwala at pananagutan ng isa't isa.

## II. Pagiging Kwalipikado at Pagkakaayon:

A. Inaanyayahan at hinihikayat kang mag-apply kung:

1. Ang iyong organisasyon ay may 501c(3) na katayuan, inii-sponsor sa piskal na paraan ng isang 501c(3) na organisasyon, o organisasyon ng tribu na hindi pinapatawan ng buwis.
2. Ang iyong 501c(3) na organisasyon ay nakabase at naglilingkod sa mga komunidad sa Greater San Diego County (kabilang ang lahat ng komunidad ng tribu at kanayunan).
3. Ang iyong mga gastos sa pagpapatakbo ay wala pang $500,000 at/o ang mga tauhan ay wala pang limang full-time na empleyado.
4. Nakaayon ang misyon at/o (mga) programa ng iyong organisasyon sa mga priyoridad sa pagpopondo (tingnan sa itaas).
5. Ang iyong organisasyon ay tumutulong upang bumuo ng kakayahan at/o isulong ang mga kahihinatnan ng buhay sa mga komunidad ng BIPOC at LGBTQIA+, mga imigrante, mga taong may kapansanan, kababaihan, at Kabataan.

[1]Ang teorya ng Kritikal na Hustisyang Panlipunan ay ginagamit ang "naipamuhay na karanasan" upang tukuyin ang mga karanasan sa buhay ng isang tao sa ilalim ng structural at sistemikong pang-aapi at pagkontrol, at bukod pa rito ay tinatanggap nito ang mga personal na kuwento ng mga nasabing karanasan upang kritikal na buwagin ang sistemikong kawalan ng hustisya.

Pinagmulan: Collins, Patricia Hill. Black Feminist Thought: Knowledge, Consciousness, and the Politics of Empowerment, Ikalawang Edisyon. Routledge, 2000, p. 276.

6. Ang mga kawani at lupon ng iyong organisasyon ay may *naipamuhay na karanasan* kasama ang, at kinatawan sila ng, mga komunidad na hinahangad nilang maapektuhan tulad ng, mga komunidad na may mababang kita, walang seguridad sa pabahay, walang seguridad sa pagkain, may krisis sa pera, labis na binabantayan ng pulis, naaapektuhan ng sistema ng hustisya sa kriminal, at nangangailangan ng hustisyang pangkapaligiran.

## III. ANO ANG AASAHAN PARA SA APLIKASYON:

Ang sumusunod na aplikasyon ay binubuo ng tatlong pangunahing seksyon:

1. Ang Bahagi I ay magsasala upang matiyak ang pagiging kwalipikado (Tingnan ang Mga Tanong sa Aplikasyon, Mga Tanong sa Pagsasala.
2. Ang Bahagi II ay kukuha ng ilan sa mga detalye ng organisasyon tulad ng pangalan, address, EIN ng organisasyon o fiscal sponsor, mga taunang gastusin, at mga tauhan.
3. Ang seksyon ng pagsasalaysay ng Bahagi II ay isang pagkakataon upang ibahagi ang ilan sa kuwento at epekto ng iyong organisasyon (na binubuo ng, ngunit hindi limitado sa, *naipamuhay na karanasan* ng pamunuan ng iyong organisasyon, kasaysayan/hinaharap ng iyong epekto sa komunidad, kung paano masusuportahan ng mga resource ng programang EIG ang iyong epekto, atbp.).

Tinatantya naming ang kabuuang oras na kinakailangan upang makumpleto ang aplikasyong ito ay isang oras.

## IV. MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA NG DESISYON:

A. Pagbuo ng Kakayahan at Pagsulong ng Mga Kahihinatnan ng Buhay:

1. Mayroon bang malinaw na pagtuon, pagkakaayon, pagsisikap, at naaaksyunang adhikain na bumuo ng kakayahan at/o isulong

ang mga kahihinatnan ng buhay ng mga mamamayan ng San Diego na may kasaysayan ng kawalan ng karapatan at patuloy na nawawalan ng karapatan: BIPOC, LGBTQIA+, imigrante, mga taong may kapansanan, kababaihan, at kabataan?

2. Nagbibigay ba ang aplikasyon ng mga halimbawa at pamamaraan sa nakaraan, kasalukuyan, at/o panghinaharap na gawain/epekto?
3. Malinaw bang isinaad ng aplikasyon kung paano bumubuo ng kakayahan ang organisasyon sa loob ng mga nasabing komunidad? (nagbibigay-kakayahan sa komunidad na itaguyod ang kanilang mga karapatan, tugunan ang mga sistemikong hindi pagkakapantay-pantay, gumawa ng positibong pagbabago sa lipunan?)

B. Kinakatawan ang Naipamuhay na Karanasan:

1. Mayroon bang naipamuhay na karanasan ang pamunuan, mga kawani, at lupon ng mga organisasyon kasama ang at kinatawan ba sila ng mga komunidad na hinahangad nilang paglingkuran at maapektuhan?
2. Mayroon bang malinaw at natatanging artikulasyon kung paano sinasalamin/nauunawaan ng organisasyon ang mga komunidad kung saan ito nagtatrabaho?

C. Paggamit ng Mga Ibinigay na Resource:

1. Mayroon bang malinaw na pag-unawa sa kung paano gagamitin ang mga magagamit na resource ng programa?
2. Naaayon ba ang gustong paggamit ng mga resource sa misyon/adhikain/gustong epekto ng organisasyon AT sa misyon/layunin ng Programang Grant para sa Epekto sa Pagkakapantay-pantay?
3. Mayroon bang malinaw na pag-unawa sa kung paano mapapanatili sa paglipas ng panahon ang mga resource ng programa?

**Magsasara ang mga aplikasyon nang 5pm, Agosto 23, 2024,**
**Iaanunsyo ang mga gagawaran sa Nobyembre 2024.**

**Pahayag ng Suporta**

Nakatuon ang OERJ sa pagsuporta sa mga interesadong miyembro ng komunidad sa saklaw ng at lampas sa proseso ng aplikasyon. Upang matiyak na ang komunidad ay may sapat na suporta mula sa, at access sa, aming mga tanggapan, magsasagawa ng mga virtual na sesyon ng impormasyon sa mga buwan ng Hulyo at Agosto — makukuha ang karagdagang impormasyon sa website ng OERJ. Kung mayroon kang anumang karagdagang katanungan, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa OERJ sa pamamagitan ng form na ito.

**Mga Tanong sa Aplikasyon**

I. **Mga Tanong sa Pagsasala** (Sumangguni sa Mga Alituntunin II. Pagiging Kwalipikado at Pagkakaayon)

1. Ang iyong organisasyon ba ay may 501c(3) na katayuan, inii-sponsor sa piskal na paraan ng isang 501c(3) na organisasyon, o organisasyon ng tribu na hindi pinapatawan ng buwis?
2. Ang iyong organisasyon ba ay nasa at naglilingkod sa Rehiyon ng Greater San Diego County? (kabilang ang lahat ng komunidad ng tribu at kanayunan)
3. Ang iyong mga gastos ba sa pagpapatakbo ay wala pang $500,000 at/o ang mga tauhan ba ay wala pang limang full-time na empleyado?

II. **Mga Detalye ng Organisasyon**

4. Pangalan ng Organisasyon
5. Pangalan ng Fiscal Sponsor (kung naaangkop)
6. Address ng Kalye ng Organisasyon
7. Numero ng EIN (iyong organisasyon o fiscal sponsor)

8. Kontak sa Organisasyon
    - Pangalan
    - Posisyon
    - Email Address
    - Numero ng Telepono
9. Mga Gastos at Kita sa Pagpapatakbo
    - Kabuuang Gastos para sa Kasalukuyang Taon ng Pananalapi o Taon sa Kalendaryo
    - Kabuuang Kita para sa Kasalukuyang Taon ng Pananalapi o Taon sa Kalendaryo
10. Mga Tauhan
    - Kabuuang Bilang ng Full Time na Tauhan
    - Kabuuang Bilang ng Part Time na Tauhan
    - Kabuuang Bilang ng Mga Boluntaryo

11. Pakisaad ang (mga) pangunahing rehiyon na pinaglilingkuran ng iyong organisasyon? (Kung higit sa isa, pakitukoy sa ilalim ng "Marami"):
    - North County (Coastal at Inland)
    - North Central
    - Central
    - East
    - South
    - Marami

## III. Misyon, Epekto, at Salaysay:

12. Ang Grant para sa Epekto sa Pagkakapantay-pantay ay may walong priyoridad sa pagpopondo na naglalayong bumuo ng kakayahan at/o isulong ang mga kahihinatnan ng buhay sa mga komunidad sa mga sumusunod na larangan, pakilagyan ng check ang nangungunang

1-3 larangan ng epekto na nakaayon sa misyon at epekto ng iyong organisasyon:

- edukasyon (maagang pagkabata hanggang sa mas mataas/patuloy na edukasyon)
- Pakikipag-ugnayan ng publiko at pagbuo ng kilusan
- sining, media, at kultura
- Pabahay, pagpapaunlad ng komunidad, at mobility
- kaligtasan ng publiko at nakapagpapanumbalik na hustisya
- kalusugan at pagpapagaling
- literacy sa pananalapi at pagpapaunlad ng ekonomiya
- mga sistema ng pagkain at hustisyang pangkapaligiran

**Ibahagi ang Iyong Kuwento:**

Nilalayon ng programang Grant para sa Epekto sa Pagkakapantay-pantay na mapalakas ang mga inisyatibang panig sa pagkakapantay-pantay, mapatibay ang mga proyektong pinangungunahan ng mga residente na nakasentro sa mga tinig ng mga may *naipamuhay na karanasan* sa ilalim ng structural racism, at mapabuti ang mga pangmatagalang kahihinatnan ng BIPOC, kababaihan, mga taong may kapansanan, mga imigrante, kabataan, at komunidad ng LGBTQIA+.

Magbigay ng maiikling sagot sa mga sumusunod na tanong (humigit-kumulang 1-2 talata bawat isa).

13. Sabihin sa amin ang tungkol sa kasaysayan ng iyong organisasyon sa (mga) komunidad na pinaglilingkuran mo na ngayon.

14. Paano nakakatulong ang iyong organisasyon na bumuo ng kakayahan at/o mapahusay ang mga kahihinatnan ng buhay sa mga komunidad na priyoridad sa programang grant na ito (hal., kung paano mo inihahatid ang iyong misyon at adhikain, mga halimbawa ng iyong tagumpay/epekto, mga pakikipagtulungan/pakikipagsosyo, atbp.)

15. Priyoridad ng programang grant na ito ang mga organisasyon at inisyatiba na ang pamunuan ay sumasalamin sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran, paano sinasalamin ng pamunuan, lupon, mga kawani, at/o mga boluntaryo ng iyong organisasyon ang *naipamuhay na karanasan* ng (mga) komunidad na pinaglilingkuran? (Tandaan: Hindi hinihingi ng tanong na ito ang katangian ng lahi at/o kasarian. Para sa mga layunin ng tanong na ito, tumutukoy ang “mga komunidad” sa naipamuhay na karanasan tulad ng, mga komunidad na may mababang kita, walang seguridad sa pabahay, walang seguridad sa pagkain, may krisis sa pera, labis na binabantayan ng pulis, naaapektuhan ng sistema ng hustisya sa kriminal, at nangangailangan ng hustisyang pangkapaligiran, atbp.).

16. Paano gagamitin ang pagpopondo na ito upang tulungan ang iyong organisasyon na mapahusay ang gawain nito sa komunidad na pinaglilingkuran nito?

17. Bukod pa sa pagpopondo, paano makakatulong ang pagbuo ng kapasidad at mga resource ng pagsasanay (hal., pangangalap ng pondo, pamamahala ng lupon, pagsukat ng epekto, atbp.) ng programang ito sa iyong organisasyon na mapahusay ang gawain nito sa komunidad na pinaglilingkuran nito?

18. Mayroon bang mga partikular na larangan kung saan pinakakailangan mo ng tulong?

19. [OPSYONAL] Website:

20. [OPSYONAL] Social Media Handle:

21. [OPSYONAL] Bilang karagdagang pagkakataong ibahagi ang iyong kuwento, mag-upload ng isang kaugnay na pagpapakita ng iyong gawain/epekto gamit ang anumang media na pipiliin mo (video, audio, presentasyon, artikulo, atbp.). Ang sample na ito ng iyong gawain ay dapat nasa wika/format na pinakakomportable ka. Pakitandaang ang kalidad ng produksyon ay hindi isang pamantayan kung saan mamarkahan ang isinumite mo.